# Sino ang Susunod na Lider pagkatapos ni Joseph Smith

Bago ang kanyang pagkamatay, itinuro ni Propetang Joseph Smith ang sumusunod sa Korum ng Labindalawang Apostol:




> Mga kapatid, . . . [m]ay mahalagang pangyayari na malapit nang maganap. Maaaring patayin ako ng aking mga kaaway. At sakali mang gawin nila iyon, at hindi ko naigawad sa inyo ang mga susi at kapangyarihan, mawawala ang mga ito sa mundo. Ngunit kung mapagtatagumpayan kong maipatong ang mga ito sa inyong mga ulunan kung gayon maaaari na akong mapasakamay ng mga mamamatay-tao kung tulutan ito ng Diyos, at maaari na akong pumanaw nang may galak at kasiyahan, nalalamang natapos ko na ang gawain, at nailatag na ang pundasyon kung saan itatayo ang kaharian ng Diyos sa dispensasyong ito ng kaganapan ng panahon.
>
> Sa mga balikat ng Labindalawa dapat nakaatang ang responsibilidad na pamunuan ang Simbahang ito hanggang sa humirang kayo ng mga taong papalit sa inyo. (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 623)

Itinuro din ni Joseph Smith na ang Unang Panguluhan lang ang tanging grupo na nasa itaas ng Korum ng Labindalawang Apostol, ngunit kapag namatay ang propeta, nabubuwag ang Unang Panguluhan (tingnan sa History, 1838–1856 [Manuscript History of the Church], volume B-1, 691, josephsmithpapers.org).

- Mula sa natutuhan mo, ano ang makatutulong sa iyo na tumugon sa tatlong pahayag na inilahad kanina?
- Anong huwaran ang itinatag ng Panginoon para sa pagpapatuloy ng pamunuan ng Kanyang Simbahan kapag namatay ang propeta?

Nang magsalita si Brigham Young sa mga Banal sa isang malaking pulong, marami ang nakapagtala ng mahimalang karanasan at nakadama ng pagpapatibay ng Espiritu Santo.

Ibinahagi ni Pangulong George Q. Cannon (1827–1901), na kalaunan ay naglingkod sa Unang Panguluhan:



> Si Brigham Young . . . ay tumayo at nagsalita sa mga tao. . . . Na sa pagkakataong iyon ang mga naroroon ay kailanman hindi malilimutan ang impresyon na ginawa nito sa kanila! Kung si Joseph ay babangong muli mula sa mga patay at muling magsasalita sa kanila, ang epekto ay hindi magiging ganoong nakabibigla sa mga naroroon sa pulong na iyon. Iyon ang tinig ni Joseph mismo; at hindi lamang tinig ni Joseph ang narinig; ngunit tila sa mata ng mga tao ay ang mismong katauhan ni Joseph ang nakatayo sa harapan nila. Wala pa kaming naririnig na pangyayari na higit na kalugud-lugod at kahima-himala kaysa sa nangyari sa araw na iyon sa harap ng kongregasyon. Ibinigay ng Panginoon sa Kanyang mga tao ang patotoo na nagbigay-katiyakan sa kung sinong tao ang Kanyang pinili upang mamuno sa kanila. Kapwa nila nakita at narinig ng kanilang likas na mga mata at tainga, at pagkatapos ay dumating ang mga salitang sinambit, kasama ang nakapanghihikayat na kapangyarihan ng Diyos, sa kanilang mga puso, at sila ay napuspos ng Espiritu at ng labis na kagalakan. Nagkaroon ng lungkot, at, sa ilang puso marahil ay pag-aalinlangan at kawalang-katiyakan; ngunit ngayon ay malinaw sa lahat na narito ang tao na pinagkalooban ng Panginoon ng kailangang awtoridad na kumilos sa kalipunan nila bilang kahalili ni Joseph (George Q. Cannon, “Joseph Smith, the Prophet,” *Juvenile Instructor*, Okt. 1870, 174–75).

Naitala ito ni Emily Smith Hoyt, isang miyembro na naroon noong nagsalita si Brigham Young sa mga Banal:

> “Ang pamamaraan ng pagpapaliwanag, ang ekspresyon ng mukha, ang tinig ng boses ay nagbigay-sigla sa buo kong kaluluwa. Nakita ng sarili kong mga mata ang pinaslang na labi ni Joseph. Ang aking sariling mga kamay, ay nadama sa kanyang noo na noon ay puno ng buhay ang nagyeyelong lamig na dulot ng kamatayan. Alam kong patay na si Joseph. Ngunit madalas pa rin akong namamangha at biglang napapatingin sa pulpito para tingnan kung hindi iyon si Joseph. Hindi nga siya, iyon ay si Brigham Young at kung sinuman ang nagdududa sa karapatan ni Brigham na pamahalaan ang mga gawain para sa mga Banal, ang tangi kong masasabi sa kanila ay ito. Malalaman mo para sa iyong sarili sa pamamagitan ng espiritu ng Diyos. Maglalaan ang Panginoon sa kanyang mga tao (Emily Smith Hoyt, sa Lynne W. Jorgensen, “The Mantle of the Prophet Joseph Passes to Brother Brigham: A Collective Spiritual Witness,” *BYU Studies*, vol. 36, no. 4 [1996–97], 164).

- Kung naroon ka, paano ka kaya naapektuhan ng karanasang ito?
- Paano maiuugnay ang Moroni 10:5 sa iyong napag-aralan?

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2025 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_472-1